# Sinuman ang magsabit ng anting-anting,ay hindi ito gagawing ganap ni Allah para sa kanya [ang kanyang mga gawain],at sinuman ang magsabit ng kabibi,ay hindi pagagaanin ni Allah sa kanya [ang pinangangambahan niya]"

Ayon kay `Uqbah bin `Āmir, malugod si Allah sa kanya-Hadith na Marfu: "Sinuman ang magsabit ng anting-anting,ay hindi ito gagawing ganap ni Allah para sa kanya [ang kanyang mga gawain],at sinuman ang magsabit ng kabibi,ay hindi pagagaanin ni Allah sa kanya [ang pinangangambahan niya]" At sa isang salaysay: " Sinuman ang magsabit ng anting-anting,katotohanang siya ay nakapagtambal [sa Allah]"

[Tumpak.] [Isinaysay ito ni Imām Aḥmad.]

Pinapatunayan ng Hadith na sinuman ang gumamit ng anting-anting,na may paniniwalang nakakapagtanggal ng kapinsalaan,tunay na siya ay nakasama sa panalangin ni Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na babaliktarin ni Allah ang kanyang layunin,at hindi gaganapin ni Allah ang kanyang mga gawain,Gayundin-ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nanalangin sa sinumang gumamit ng kabibi,na may parehong layunin sa una,na hindi siya iiwanan ni Allah sa pagiging maginhawa at kapanatagan,Subalit darating sa kanya ang lahat ng nakakapinsala,At ang mga ito ay panalangin na ang layunin ay pagbibigay babala sa gawaing ito,Katulad ng pagsabi niya sa ikalawang Hadith-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Na ang mga gawaing ito ay pagtatambal sa Allah.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee